

Patataasin ba ng pag-apruba ng referendum sa bono ang mga buwis?

Hindi. Binawasan ng Lupon ng Mga Supervisor ng Henrico County ang rate ng buwis para sa real estate nang 2 sentimo, na naging 85 sentimo kada \$100 ng tinatasang halaga, noong ipinatupad nito ang badyet ng county para sa 2022-23. Maaaring suportahan ang mga gastos na nauugnay sa paglalabas ng kautangan sa bono at pagpapatakbo ng mga bagong pasilidad gamit ang mga kasalukuyang kita ng county.

Impormasyon para sa mga botante sa Henrico

Magsisimula ang malayuang pagboto (absentee voting) sa Biyernes, Setyembre 23 at magpapatuloy ito hanggang sa Sabado, Nobyembre 5, nang may mga opsyon para sa malayuang pagboto nang personal at para sa pagbabalik ng mga nakumpletong balota sa mga secure na drop box na naka-install sa bawat distrito ng mahistrado. Bukas ang mga lokasyon ng botohan ng county mula 6 a.m. hanggang 7 p.m. sa Araw ng Eleksiyon, Martes, Nobyembre 8.



Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto – kasama ang kung paano magparehistro o mag-update ng address, paano mag-apply para sa balota ng malayuang botante, mga lokasyon ng mga drop box at lugar ng botohan, mga deadline, at higit pa – tingnan ang Tanggapan para sa Pagpaparehistro ng Botante at Mga Eleksiyon ng Henrico sa henrico.us/registrat o makipag-ugnayan sa (804) 501-4347.

May Mga Tanong?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa referendum sa bono sa 2022, kasama ang kung paano mag-iskedyul ng pagpupulong para sa iyong grupo, pumunta sa henrico.us/bonds o i-scan ang code na ito:



**Isang County.
Isang Komunidad.**

Hindi nandiskrimina ang Henrico County batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, edad o kapansanan.

Ginawa ng Mga Pakikipag-ugnayan sa Publiko, 7/22.

PRSRT STD U S
POSTAGE PAID
RICHMOND VA
PERMIT NO 1380

**Henrico County Public Relations
P.O. Box 90775
Henrico, VA 23273-0775**

HENRICO COUNTY 2022 SA BONO SA REFERENDUM



Araw ng Eleksiyon: Martes, Nobyembre 8

**Malayuang pagboto:
Biyernes, Setyembre 23 hanggang Sabado,
Nobyembre 5**

HENRICO COUNTY 2022 SA BONO SA REFERENDUM



Magkakaroon ang mga botante sa Henrico County ng pagkakataong lumahok sa referendum sa bono para aprubahan ang higit sa \$511 milyong pagpopondo para sa mga iminumungkahing kapital na proyekto ng county — kasama ang mga bago at inayos na paaralan, himpilan ng bumbero, at parke — bilang bahagi ng pangkalahatang eleksyon sa 2022.

Lalabas ang referendum sa bono bilang apat na tanong sa balota, na may hiwalay na tanong para sa bawat kategorya ng proyekto: mga paaralan; panlibangan at mga parke; mga himpilan ng bumbero at pasilidad para sa kaligtasan ng publiko; at kanal para sa tubig-bagyo. Maaaring bumoto ang mga botante ng “oo” o “hindi” para sa bawat isa sa apat na tanong; maaaring aprubahan o tanggihan ang mga indibidwal na kategorya. Inaawtorisahan ng pag-apruba ng kategorya ng karamihan ng mga boto ang county na mangontrata ng kautangan at ilabas ang mga bono para sa pangkalahatang obligasyon nito para pondohan ang mga proyekto.

Kasunod nito ang mga tanong para sa referendum sa bono ayon sa kung paano makikita ang mga ito sa balota, pati ang mga iminumungkahing proyekto at halaga ng pagpopondo ng mga ito (ang mga tanong lang ang lalabas sa balota). Magsisimula ang malayuang pagboto, kasama ang personal na pagboto, sa Biyernes, Setyembre 23. Ang Araw ng Eleksiyon ay sa Martes, Nobyembre 8.

Available ang higit pang impormasyon sa henrico.us/bonds.

★ Mga Proyektong Pampaaralan

\$340.5 milyon

TANONG SA BALOTA:

Dapat bang awtorisahan ang Henrico County, Virginia na mangontrata ng kautangan at ilabas ang mga bono sa pangkalahatang obligasyon nito sa maximum na pinagsama-samang pangunahing halaga na \$340,500,000 alinsunod sa Batas hinggil sa Pananalapi ng Publiko ng 1991 para pondohan ang mga proyektong pampaaralan at ang Programa sa Kapital na Pagpapahusay ng Lupon ng Paaralan ng Henrico County, kasama ang kapital na pagpapahusay sa mga paaralan, paglalagay ng muwebles at pagkakabit ng mga pasilidad sa mga paaralan, pagkuha ng mga lugar para sa paaralan sa hinaharap, at iba pang katulad na konstruksyon, pag-aayos, at pagpapahusay ng paaralan ayon sa maaaring kailanganin ng mga aktuwal na pang-edukasyong kinakailangan sa Henrico County?

MGA PROYEKTO:

- Quioccasin Middle (muling pagtatayo): \$89 milyon
- Environmental Education Living Building sa Wilton Farm (bago): \$13.3 milyon
Tandaan: kasama sa badyet sa 2022–23 ang mga pondo para sa pagdisenyo
- Jackson Davis Elementary (muling pagtatayo at pagpapalaki ng kapasidad): \$36 milyon
Tandaan: kasama sa badyet sa 2022–23 ang mga pondo para sa pagdisenyo
- R. C. Longan Elementary (muling pagtatayo at pagpapalaki ng kapasidad): \$37 milyon
Tandaan: kasama sa badyet sa 2022–23 ang mga pondo para sa pagdisenyo
- Highland Springs Elementary (muling pagtatayo): \$45 milyon
- Charles M. Johnson Elementary (pag-aayos): \$26.5 milyon
- Fairfield area elementary (bago): \$46 milyon
- West end area elementary (bago): \$47.7 milyon



Highland Springs Elementary



Deep Bottom Park

★ Mga Proyektong para sa Libangan at Parke

\$37 milyon

TANONG SA BALOTA:

Dapat bang awtorisahan ang Henrico County, Virginia na mangontrata ng kautangan at ilabas ang mga bono sa pangkalahatang obligasyon nito sa maximum na pinagsama-samang pangunahing halaga na \$37,000,000 alinsunod sa Batas hinggil sa Pananalapi ng Publiko ng 1991 para pondohan ang konstruksyon, pag-aayos, muling pagmomodelo, paglalagay ng muwebles, at pagkakabit ng mga pasilidad para sa libangan at parke, pagkuha ng lupang kinakailangan para sa mga nasabing pasilidad, pati ang iba't ibang proyekto para sa kalsada at daanan ng tao na kinakailangan para sa mga nasabing pasilidad?

MGA PROYEKTO:

- Mga pagpapahusay ng parke at kalsada sa area ng Three Chopt (bago): \$25 milyon
Tandaan: kasama sa badyet sa 2022–23 ang mga pondo para sa pagdisenyo
- Deep Bottom Park (mga pagpapahusay): \$7 milyon
- Tuckahoe Creek Park (mga karagdagan): \$5 milyon

★ Mga Proyektong para sa Himpilan ng Bumbero at Kaligtasan ng Publiko

\$83.85 milyon

TANONG SA BALOTA:

Dapat bang awtorisahan ang Henrico County, Virginia na mangontrata ng kautangan at ilabas ang mga bono sa pangkalahatang obligasyon nito sa maximum na pinagsama-samang pangunahing halaga na \$83,850,000 alinsunod sa Batas hinggil sa Pananalapi ng Publiko ng 1991 para pondohan ang konstruksyon, pag-aayos, muling pagmomodelo, paglalagay ng muwebles, at pagkakabit ng mga himpilan ng bumbero at iba pang pasilidad para sa

kaligtasan ng publiko, at ang pagkuha ng lupang kinakailangan para sa mga nasabing pasilidad?

MGA PROYEKTO:

- Himpilan ng Bumbero 6 (paglipat at muling pagtatayo): \$13.3 milyon
Tandaan: kasama sa badyet sa 2022–23 ang mga pondo para sa pagdisenyo
- Himpilan ng Bumbero 1 (paglipat at muling pagtatayo): \$16 milyon
- Himpilan ng Bumbero 11 (muling pagtatayo): \$15 milyon
- Himpilan ng Bumbero 14, 15, 16, 17 (mga pagpapahusay): \$6.55 milyon
- Sentro para sa pagsasanay sa Kaligtasan ng Publiko (bago): \$18 milyon
- Sentro para sa pag-aampon ng hayop (bago): \$15 milyon

★ Mga Proyektong para sa Mga Pasilidad para sa Pag-iwas sa Baha at Kanal para sa Tubig-bagyo

\$50 milyon

TANONG SA BALOTA:

Dapat bang awtorisahan ang Henrico County, Virginia na mangontrata ng kautangan at ilabas ang mga bono sa pangkalahatang obligasyon nito sa maximum na pinagsama-samang pangunahing halaga na \$50,000,000 alinsunod sa Batas hinggil sa Pananalapi ng Publiko ng 1991 para pondohan ang konstruksyon, pag-aayos, muling pagmomodelo, paglalagay ng muwebles, at pagkakabit ng mga pasilidad na pang-iwas sa baha at pasilidad ng kanal para sa tubig-bagyo, kasama ang pagkuha ng lupang kinakailangan para sa mga nasabing pasilidad, para mabawasan ang pagguho ng lupa, pagbabaha, at iba pang problema na dulot ng tubig-bagyo sa County?

MGA PROYEKTO:

- Mga pagpapahusay sa lahat ng distrito ng mahistrado: \$50 milyon



Creighton Road